



Mga Katanungan at Mga Sagot

Oktubre 27, 2009

Transitional Worker Program for the Commonwealth of the Northern Mariana Islands (CNMI)

Kasaysayan

Noong Mayo 8, 2008, isinabatas ni President Bush ang Public Law 110-229, ang Consolidated Natural Resources Act ng 2008 (CNRA). Sinusugan ng Title VII ng batas na ito ang Pub. L. 94-241, ang Batas na nag-aaprubâ sa Covenant upang Itatag ang Commonwealth of the Northern Mariana Islands (CNMI) sa Unyong Politikal nito sa Estados Unidos. Sa kauna-unahang beses, buong pinalalawak ng Title VII ang sakop ng ilang mga probisyon ng mga batas sa imigrasyon ng Estados Unidos sa CNMI. Ang panahon ng transisyon ay pormal na magsisimula sa Nobyembre 28, 2009.

Mga Katanungan at Mga Sagot

T. Sino ang kwalipikado para sa CNMI-only Transitional Worker status sa CNMI?

A. Ang USCIS ay nagtatag ng isang transitional worker program para makatira at makapagtrabaho ang foreign nationals sa CNMI. Ang foreign nationals na kwalipikado para sa isang INA-based nonimmigrant status ay hindi magiging kwalipikado. Ang mga bumibisita nang sandali dahil sa negosyo o libangan ay hindi kwalipikadong makakuha ng CW na klasipikasyon dahil ang mga ganoong indibidwal ay hindi workers galing sa ibang bansa na paksâ ng pansamantalang patakaran na ito.

T. Ano ang legal na batayan para sa CNMI-only Transition Worker program?

A. Section 6(d) ng Pub. L. 94-241, tulad ng pagbago dito ng CNRA, ay nag-utos sa Secretary of Homeland Security na magtatag ng isang transisyon na programa upang tulungan ang mga tagapag-empleso ng CNMI na kumuha ng kinakailangang workers na sa ibang paraan ay hindi kwalipikado sa ilalim ng mga batas ng imigrasyon ng US sa panahon ng transisyon na ito.

T. Ano ang layunin ng CNMI-Only Transitional Worker Program?

A. Pahihintulutan ng CNMI-only Transitional Worker Program ang mga taga-ibang bansa na hindi kwalipikado para sa ibang INA-based employment authorized nonimmigrant status na magtrabaho sa CNMI sa panahon ng transisyon. Sa gayon, ang layunin ng CNMI-Only Transitional Worker visa ay ang mag-alok ng isang legal na U.S. immigration status sa mga taga-ibang bansa na kasalukuyang hindi kwalipikado para sa anumang ibang uri ng immigrant o nonimmigrant visa. Sa panahon ng transisyon, inaasahan na makakahanap ang transitional workers na ito ng angkop na pangmatagalang alternatibo sa kanilang CNMI-Only Transitional Worker status sa pamamagitan ng pagkuha ng status sa ilalim ng isang INA-based visa category, o pag-alis sa CNMI.

T. Ano ang mangyayari sa foreign workers na nasa CNMI sa Nobyembre 28, 2009?

A. Kapag nagkabisa ang Pederal na batas sa imigrasyon sa CNMI sa Nobyembre 28, 2009, ang foreign workers na may valid na pahintulot na magtrabaho sa CNMI ay maaaring manatili, manirahan, at magtrabaho sa CNMI nang hanggang dalawang taon o sa katagalan ng kanilang CNMI-based status, alinman ang mauuna. Bago magtapós ang limitadong panahon na iyon, dapat sila kumuha ng alinman sa CNMI-Only Transitional Worker status o kaya ibang legal na U.S. immigration status upang legal na makapagtrabaho at manirahan sa CNMI at makapagbiyahe mula CNMI patungo sa ibang lugar sa Estados Unidos o sa ibang bansa. Kung umalis sila sa CNMI para sa anumang dahilan, dapat mayroon silang

isang valid U.S. immigration visa upang makapasok muli. Ang foreign workers na WALANG CNMI na kontrata sa trabaho ay maaaring maging “illegal” kung hindi sila kukuha ng ibang U.S. immigration status.

T. Ano ang admission code para sa visa classification na ito?

A. Gagamitin ng bagong nonimmigrant visa classification na ito ang admission code (kodigo ng pagpasok sa bansa) CW-1 para sa pangunahing transitional worker at CW-2 para sa mga dependent.

T. Ano ang ibig sabihin nito para sa foreign residents na naninirahan at nagtrabaho na sa CNMI?

A. Para sa foreign workers na hindi kwalipikado para sa ibang uri ng U.S. immigration status, ang transitional worker visa ay isang lubos na mahalagang alternatibo. Maaari ito makapagbigay sa libu-libong foreign workers ng temporary status habang tinitiyak nila ang isang angkop na pangmatagalang immigration status para sa kanilang sarili at sa kanilang mga pamilya.

T. Ano ang panahon ng transisyon?

A. Bagama't lubos na umaaplay ang batas sa imigrasyon ng Estados Unidos sa CNMI, magkakaroon ng panahon ng transisyon kung kailan may mga pansamantalang hakbang na gagawin upang pahintulutan ang maayos na transisyon mula sa permit system ng CNMI patungo sa Pederal na batas sa imigrasyon at bigyan ng panahon ang foreign non-resident workers na makahanap ng angkop na pangmatagalang INA-based visa classification. Ang panahon ng transisyon ay magsisimula sa Nobyembre 28, 2009 at magtatapos sa Disyembre 31, 2014. Maaaring makipagkonsulta ang Secretary of Labor sa mga angkop na pederal na ahensiya at sa Gobernador ng CNMI upang pahabain ang programa ng CNMI-Only Transitional Worker nang karagdagang panahon na hanggang limang taon. Kasalukuyang wala pang ginagawang desisyon sa anumang extension sa panahong ito.

T. Ano ang mga kinakailangan para sa bagong CNMI Transitional Worker visa o status?

A. Sa ilalim ng CNMI-Only Transitional Worker na programa, mayroong mga hinihiling sa kapwa tagapag-empleyo at workers.

Mga hinihiling sa mga Tagapag-empleyo—Ang mga tagapag-empleyo ay kailangang magsagawa ng legal na negosyo at hindi maaaring masangkot nang tuwiran o 'di tuwiran sa prostitusyon, trafficking sa mga menor-de-edad, o anumang ibang aktibidad na hindi legal sa ilalim ng Pederal o CNMI na batas. Ang tagapag-empleyo ang siya ring dapat mag-file ng kinakailangang petisyon at magbayad sa kinakailangang fees upang bigyan ng trabaho ang transitional workers.

Mga Hinihiling sa Workers — Sa ilalim ng pansamantalang panghuling batas, ang foreign workers ay maaaring klasipikahin bilang CW-1 nonimmigrants kung, sa panahon ng transisyon, sila’y:

1. papasok o mananatili sa CNMI upang magtrabaho sa isang kategoriya ng trabaho na nangangailangan ng alien workers upang dagdagan ang lokal na workers;
2. pinetisyon ng isang tagapag-empleyo;
3. nakatira sa CNMI;
4. legal na nasa CNMI; at
5. hindi makapasok sa Estados Unidos sa ibang paraan.

T. Ano ang kailangang gawin ng isang manggagawa upang makuha ang visa o status na ito?

A. Kailangang matupad ng foreign national worker ang criteria na nakalagay sa sagot sa itaas at humanap ng isang tagapag-empleyo na handang mag-isponsor sa kanya. Ang tagapag-empleyo ang mananagot sa pag-aplay para dito. Ang mga tagapag-empleyo ay maaaring mag-file ng isang petisyon para sa isang transitional worker sa USCIS gamit ang Form I-129CW, ang Petisyon para sa isang Nonimmigrant Worker sa CNMI. (Ang bagong pormularyo na ito ay minodelo sa kasalukuyang Form I-129.)

T. Ano ang dapat gawin ng asawa at/o anak ng worker upang makakuha ng CW-2 status?

Transitional Worker Program for the CNMI - Tagalog

A. Upang makasama o sumunod, ang CW-2 nonimmigrant na asawa o anak ay maaaring mag-file ng isang aplikasyon para pahabain ang nonimmigrant stay sa Form I-539 alinsunod sa mga tagubilin ng pormularyo. Ang extension ng CW-2 status ay maaaring hindi aprubahan hangga't hindi naaprubahan ang petisyon ng extension ng CW-1. Ang filing fee ay \$300.

T. Paano makakakuha ng CW status?

A. Oras na naaprubahan na ang petisyon ng I-129CW, ang benipisyaryo at ang mga kwalipikadong kapamilya ay maaaring mag-aplay para sa CW-1 o CW-2 status. At dahil ang foreign nationals na nasa CNMI ay hind nagbigay dati ng biometric na impormasyon sa Pederal na gobyerno, at dahil dito'y hindi isinagawa sa kanila ang mga kinakailangang security check, hihilingin sa kanila ang biometrics. Ang fee upang makuha ang biometrics ay \$80. Maaaring i-waive ang fee kung maipapakita ng mga aplikante na hindi nila kayang bayaran ang kapwa Form I-129CW at ang fees sa biometrics.

Ang aliens na nasa ibang bansa ay kailangang mag-aplay para sa CW-1 o CW-2 visa sa isang konsulado ng Estados Unidos. Kapag ang mga aplikante ay nag-aplay abroad, hindi hihilingin ng USCIS ang biometrics, gayunman, ang biometrics ay maaaring hilingin ng Department of State.

T. Alinig mga grupo ang maaaring mag-aplay para sa Transitional Worker Program?

A. Ang transitional worker program ay makukuha ng dalawang grupo ng foreign workers: (1) ng mga legal na nasa CNMI at (2) ng mga nasa ibang bansa.

T. Maaari bang magbiyahe sa labas ng CNMI ang mga taong may CW status?

A. Oras na nakuha na ang status, ang CW-1 o CW-2 nonimmigrant ay maaari nang umalis sa CNMI, pero dapat mayroon siyang angkop na visa upang makapasok muli. Kapag nakuha na ang CW-1 o CW-2 status sa CNMI (hindi sa Konsulado sa ibang bansa) ang nonimmigrant ay magkakaaroon ng legal status, pero hindi ito isang visa na balido para makapunta at makapasok sa CNMI. Kapag lumabas ng CNMI ang CW-1 o CW-2 nonimmigrants, kailangan silang kumuha ng visa mula sa isang embahada o konsulado ng Estados Unidos upang makabalik sa CNMI, maliban kung may mga alternatibo na ispesipikong inaprubahan ng U.S. Department of Homeland Security.

T. Paano ba kumuha ng visa para sa re-entry?

A. Ang isang tao na nakakuha ng CW-1 o CW-2 status sa CNMI (hindi sa Konsulado sa ibang bansa) na kailangang lumabas ng CNMI para sa anumang dahilan ay kailangang kumuha ng visa mula sa State Department upang makapasok muli sa CNMI. Ito'y karaniwang ginagawa sa embahada ng Estados Unidos o sa isang Konsulado ng US gamit ang isang sistema ng pag-appointment doon sa lugar na iyon. Halimbawa, kung ang isang taong may CW-1 status ay nagplaplanong bumisita sa pamilya sa Pilipinas, kailangan siya mag-appointment sa Embahada ng Estados Unidos sa Manila upang kumuha ng CW visa habang siya ay nasa Pilipinas. Kailangan siya mag-biyahe nang may mga dokumento na maipapakita niya sa State Department sa panahon ng kanilang interview at dapat handa siyang maghintay nang ilang araw hanggang ma-isyu ang visa. Ang bawat Embahada at Konsulado ng U.S. ay may naiibang sistema ng pag-appointment. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Embahada o Konsulado ng U.S., na maaaring kailangan ninyong puntahan, dapat kayo magpunta sa: <http://www.usembassy.gov/>. Ang paghihintay sa visa para sa bawat Konsulado sa ibang bansa ay nakalista sa: http://travel.state.gov/visa/temp/wait/tempvisitors_wait.php.

T. Maaari bang magbiyahe sa ibang lugar sa Estados Unidos ang mga taong may CW status?

A. Hindi. Ang CW visa classification ay valid lamang sa CNMI at hindi nagpapahintulot na magbiyahe sa anumang ibang bahagi ng Estados Unidos, kabilang ang Guam. Gayunman, kung ang isang tao na may CW status ay kwalipikado para iba pang uri ng nonimmigrant o immigrant visa, o visa waiver program, maaari siyang magbiyahe sa ibang lugar sa Estados Unidos at hindi ito mahahadlangan ng CW status.

T. Magkano ang bayad sa aplikasyon para sa visa na ito?

A. Ang fee para sa Form I-129CW ay \$320, ang parehong halaga na sinisingil para sa I-129. Bukod pa rito, ang Public Law 110-229 ay nag-uutos ng isang “CNMI education funding fee” na \$150 para sa bawat benepisyaryo bawat taon, at ito’y hindi maaaring hindi bayaran. At sa kahulihan, may fee na \$80 upang kunin ang biometrics (fingerprints at mga retrato) at magsagawa ng mga kinakailangang background checks. Ang aplikante o ang tagapag-empleyo ang magbabayad para dito.

T. Mayroon bang mga fee waiver?

A. Sa karaniwan ay walang fee waiver sa mga kasong may kinalaman sa trabaho. Gayunman, dahil sa natatanging sitwasyon sa CNMI, ang I-129CW fee ay maaari i-waive o ipawalang-bisâ sa mga ‘di-karaniwang sitwasyon kung saan maipapakita ng isang tagapag-empleyo na hindi niya kayang bayaran ang fee. Gayunman, dahil mahirap mapaniwalaan na ang isang tagapag-empleyo ay makapag-iisponsor ng isang alien para sa trabaho pero hindi niya kayang bayaran ang sinisingil para sa sponsorship na iyon, inaasahang lubos na kakaunti ang mga sitwasyon kung saan pahihintulutan ang fee waiver. May fee waiver para sa \$80 biometrics fee kung maipapakita ng mga aplikante na hindi nila kayang bayaran ito.

T. Maaari bang magpetisyon ang isang tagapag-empleyo para sa higit sa isang worker sa parehong pormularyo?

A. Mayroong ilang mga restriksyon pero maaaring mag-file ang mga tagapag-empleyo para sa higit sa isang benepisyaryo sa iisang I-129CW. Kung ang mga empleyado ay lahat nagtrabaho para sa parehong kategoriya sa trabaho, para sa parehong panahon at sa parehong lugar, maaaring maglagay ang tagapag-empleyo ng gaano man karaming empleyado na gusto niya sa parehong petisyon. Hindi pinahihintulutan ang hindi maglagay ng pangalan ng benepisyaryo sa ilalim ng programang ito.

T. Kailan maaaring magsimulang mag-file ang mga tagapag-empleyo para sa workers?

A. Ipinag-uutos ng pansamantalang panghuling batas na ang mga tagapag-empleyo ay hindi maaaring mag-file para sa isang worker nang higit sa anim na buwan bago ng petsa kung kailan kailangan ng tagapag-empleyo ang serbisyong iyon ng empleyado (halimbawa, kung kailangan ng tagapag-empleyo ang mga serbisyo ng worker sa ika-1 ng Enero, kailangang isumite ng tagapag-empleyo ang petisyon para sa worker nang hindi mas maaga sa ika-1 ng Hulyo). Ipinapahayag ng batas na ang mga petisyong ito ay maaaring i-file bago ng Nobyembre 28, 2009, ngunit hindi ipagkakaloob ng USCIS ang CW-1 status bago ng petsang iyon.

T. Anong mga pormularyo ang kinakailangan para sa visa na ito?

A. Ang mga tagapag-empleyo ay maaaring mag-file ng isang petisyon para sa isang transitional worker sa USCIS gamit ang Form I-129CW, ang Petisyon para sa isang Nonimmigrant Worker sa CNMI. (Ang bagong pormularyo na ito ay minodelo sa kasalukuyang Form I-129.)

T. Paano isusumite ng tagapag-empleyo ang Form I-129CW Petition?

A. Ipapadala ito sa mail sa USCIS California Service Center. Mangyaring sundin ang mga tagubilin sa pormularyo.

T. Ano ang mangyayari sa CW-1 transitional workers sa katapusan ng panahon ng transisyon?

A. Ang panahon ng transisyon ay magtatapos sa Disyembre 31, 2014. Ang CW classification ay valid para sa buong panahon ng transisyon. Sa simula, ang CNMI-Only Transitional Worker status ay ipagkakaloob para sa 1 taon at ito ay maaaring i-renew sa buong panahon ng transisyon nang 1 taon bawat beses. Sa katapusan ng panahon ng transisyon, magtatapos ang Transitional Worker Program at ang transitional workers na may ganitong status ay dapat lumipat sa ibang nonimmigrant o immigrant status sa ilalim ng INA kung nais nilang manatili nang legal sa CNMI. Maaaring i-extend ng U.S. Department of Labor ang availability ng CNMI Transitional Worker Program nang lampas sa 2014, pero sa ngayon ay wala pang ginagawang desisyon tungkol sa anumang extension.

T. Anong mga kategoriya sa trabaho ang pahihintulutan?

A. Sa ilalim ng batas, kabilang sa Transitional Worker program ang KARAMIHAN ng mga kategoriya sa trabaho na ginagamit ngayon sa CNMI. Ang domestic household workers na tuwirang binigyan ng trabaho ng mga pribadong residente ay hindi magiging kwalipikado para sa CW-1 status. Gayunman, ang domestic workers na nagtrabaho gamit ang ang isang “legal na negosyo” para sa placement sa mga indibidwal na sambahayan ay maaaring maging kwalipikado.

T. Aling mga tagapag-empleyo ng CNMI ang kwalipikadong magpetisyon para sa transitional workers?

A. Upang maging kwalipikado na magpetisyon para sa isang CW-1 nonimmigrant worker, ang isang tagapag-empleyo ay dapat: nasa isang legal na negosyo; dapat niyang isaalang-alang ang lahat ng workers sa Estados Unidos para sa mga posisyon na ibibigay sa CW-1 worker; dapat siyang mag-alok ng mga tadhana at mga kondisyon sa pagtrabaho na alinsunod sa kalikasan ng trabaho, aktibidad, at industriya sa CNMI; at dapat siya sumunod sa lahat ng mga Pederal at Commonwealth na pangangailangan na may kinalaman sa trabaho, kabilang ang kawalan ng diskriminasyon, kaligtasan sa trabaho, at pinaka-kaunting suweldo. Ang legal na negosyo ay nangangahulugang isang tunay, aktibo, at pinalalakad na negosyo o pagnegosyo na naglilikha ng mga serbisyo o mga bagay na ibebenta, o na isang panggobyerno, pangkawanggawa, o ibang nonprofit na entidad na talagang kinikilala. Ang negosyo ay dapat tumupad sa mga angkop na legal na pangangailangan para magnegosyo sa CNMI. Ang isang negosyo ay hindi ituturing na legal kapag ito’y tuwiran o ‘di-tuwirang sangkot sa prostitusyon, sangkot sa trafficking sa mga menor-de-edad, o anumang ibang aktibidad na hindi legal sa ilalim ng Pederal o CNMI na batas.

T. Makakatanggap ba ang domestic workers ng CW-1 transitional worker status sa ilalim ng programang ito?

A. Oo, pero dapat silang isponsoran ng isang kwalipikadong tagapag-empleyo na nagnegosyo sa CNMI tulad ng nakalarawan sa itaas.

T. Ano ang kailangang ipakita ng isang tagapag-empleyo ng CNMI sa kanyang petisyon para sa isang transitional worker?

A. Ang isang petisyon ay dapat may kasamang ebidensiya na nagpapakita na ang nagpepetisyon ay tumutupad sa kahulugan ng isang kwalipikadong tagapag-empleyo, at dapat nito mapatunayan na: walang available na kwalipikadong workers sa Estados Unidos para sa posisyon; ang tagapag-empleyo ay isang legal na negosyo tulad ng ipinakahulugan sa patakaran; ang worker ay may mga kwalipikasyon para sa posisyon (kabilang ang isang lisensya para sa trabaho, kung kinakailangan ito para sa trabaho); ang worker, kung siya’y nasa CNMI, ay legal na nasa CNMI; ang posisyon ay hindi pansamantala o seasonal na trabaho, at hindi makatwirang pinaniniwalaan ng nagpepetisyon na ito’y kwalipikado para sa anumang ibang klasipikasyon ng nonimmigrant worker; at ang posisyon ay nasa listahan ng mga tinatanggap na kategoriya sa okupasyon.

T. Ilang transitional worker visas ang magiging available?

A. Para sa unang taon, ang mga limit sa bilang ng CW-1 status ay ibabatay sa sariling tantiya ng gobyerno ng CNMI sa bilang ng foreign workers, na 22,417. Iniaatas ng CNRA na bawasan ang dami bawat taon nang ito’y maging zero sa katapusan ng panahon ng transisyon. Sa gayon, pagkatapos ng unang taon, bababâ ang limit sa bilang, pero hindi pa natitiyak ang bilang na iyon.

T. Paano naman ang mga magulang at mga dependent? Makapagbibiyahe at makapagtrabaho ba sila?

A. Pinahihintulutan ng batas ang mga asawa at menor-de-edad na mga anak ng isang tao na may CW-1 nonimmigrant status na pumasok sa CNMI bilang “accompanying” o “following” na makapiling ang pangunahing CW worker. Gagamitin ng patakaran ang kahulugan ng INA sa isang “bata” para sa layunin ng imigrasyon (maliban sa naturalization sa seksyon 101(b)), at idadagdag nito ang pangangailangan na ang bata ay dapat wala pang 18 taong gulang dahil binabanggit ng batas ang “mga menor-de-edad na mga anak” sa halip na “mga anak.” Ang pagtrabaho ay hindi awtorisado para sa mga asawa at mga anak ng CW-1 nonimmigrants.

T. Maaari bang baguhin ng CW-1 nonimmigrants ang status o maaari ba nilang i-adjust ang status?

A. Pinahihintulutan ng batas ang workers sa CW classification na lumipat sa ibang nonimmigrant status o baguhin ang status at gawing legal na permanent resident (kumuha ng green card) sa buong panahon ng transisyon kung sila'y kwalipikado. Pinahihintulutan ng patakaran ang isang alien na manatili o magpunta sa CNMI para sa pansamantalang panahon bilang isang CW-1 o CW-2 nonimmigrant at sabay na maghanap ng paraan upang maging isang legal na permanent resident ng Estados Unidos basta may balak ang alien na umalis nang kusang-loob sa katapusan ng kanyang awtorisadong nonimmigrant stay. Upang maging kwalipikado para sa CW-1 o CW-2 na klasipikasyon, hindi kinakailangang magmintina ang alien ng residence sa ibang bansa, at pinahihintulutan ang balak na maging dual immigrant at nonimmigrant.

T. Ako'y isang foreign worker sa CNMI. Maaari ba akong mag-aplay nang tuwiran para sa CW status nang walang pahintulot ng aking tagapag-empleyo?

A. Hindi, ang CW status ay batay sa pangangailangan ng isang tagapag-empleyo sa CNMI sa iyong mga serbisyo. Dapat kayong isponsoran ng inyong kasalukuyan o hinaharap na tagapag-empleyo sa pamamagitan ng pag-file ng isang Form I-129CW na petisyon. Pagkatapos aprubahan ang petisyon na iyon, kayo at ang inyong mga kwalipikadong kapamilya ay makakakuha ng CW status batay sa inaprubahang petisyon.

T. Kung nakakuha ako ng CW status, mauwi ba ito sa legal na permanent resident (“green card”) status sa U.S.?

A. Hindi tuwiran. Gayunman, bilang isang CW nonimmigrant, hindi kayo hinahadlangang kumuha ng legal na permanent residence kung kwalipikado kayo sa ibang paraan bilang isang family immigrant o employment-based immigrant.

T. Gaano katagal ang panahon para sa isang CW-1 status?

A. Isang taon. Ang isang legal na CW-1 nonimmigrant ay maaaring makakuha ng mga karagdagang extension na isang taon bawat beses kung nag-file ang kanyang tagapag-empleyo ng isang petisyon para hingin ang extension, ngunit ito'y mapapailalim sa limit.

T. Gaano katagal ang panahon para sa CW-2 status para sa asawa o menor-de-edad na anak?

A. Parehong panahon tulad ng sa pangunahing may hawak sa CW-1, pero ang katagalan ng panahon para sa CW-2 na anak ay magtatapos sa kanyang ika-18 na kaarawan, kung ito'y mauuna.

T. Makapagpapalit ba ng trabaho ang CW-1 worker sa CNMI habang pinananatili ang CW-1 status?

A. Oo, pero dapat mag-file ang bagong tagapag-empleyo ng Form I-129CW petition para sa bagong posisyon ng worker bago makapagtrabaho doon ang worker. Ang CW-1 transitional workers ay awtorisado lamang magtrabaho para sa tagapag-empleyo na nagpetisyon para sa kanila.

T. Ako'y isang CW nonimmigrant na nakakuha ng status sa CNMI. Kailangan kong mag-abroad at bumalik nang madalian dahil sa biglaang emergency sa pamilya. Magagawa ko ba ito nang walang visa?

A. Karaniwang inaasahan ang isang visa para makapasok muli sa CNMI ang isang CW nonimmigrant. Gayunman, sa mga emergency na sitwasyon, maaaring makapagbigay ang DHS ng paunang pahintulot na magbiyahe at bumalik nang walang visa. Mangyaring konsultahin ang opisina ng USCIS sa Saipan.

T. Bilang isang CW nonimmigrant, makakapagbiyahe ba ako papunta o pabalik sa CNMI gamit ang flight na may stopover sa Guam airport?

A. Hindi. Ang CW visas at status ay para lamang sa pagbiyahe papunta at upang manatili sa CNMI. Hindi kayo makakabiyaha sa anumang ibang lugar sa US, kahit na stopover lamang, nang walang ibang angkop na visa o dokumentasyon na nagpapahintulot sa ganoong pagpunta.

T. Paano ba ako o ang aking kompanya makakapagsumite ng mga puna sa patakarang ito?

A. Hinihikayat ng USCIS ang puna ng publiko sa patakarang ito. Ang mga puna ay dapat matanggap bago dumating ng Nobyembre 27, 2009. Dapat nakasulat ang DHS Docket No. USCIS-2008-0038 sa mga puna at ito'y dapat isumite sa isa sa mga sumusunod na paraan:

- Federal eRulemaking Portal: <http://www.regulations.gov>.
- E-mail: rfs.regs@dhs.gov. Isama ang DHS Docket No. USCIS-2008-0038 sa subject line.
- Mail: Chief, Regulatory Products Division, U.S. Citizenship and Immigration Services, Department of Homeland Security, 111 Massachusetts Avenue, NW., Suite 3008, Washington, DC 20529-2210. Upang masigurado ang angkop na paghawak dito, mangyaring isulat ang DHS Docket No. USCIS-2008-0038 sa inyong sulat.

– USCIS –